| MaTaTaG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Petsa: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Lingguhang Bilang | 6 |
| | Pangkat: | | Markahan | 2 |
| | Tema: | Pagkilala sa ating komunidad | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)** | The learners understand the value of discipline, honesty, respect, friendship, and care and concern. |
| **B. Pamantayang Pagganap (Performance Standard)** | The learners demonstrate proper discipline, honesty, respect, friendship, and care towards other people. |
| **C. Mga Kasanayang Pagkatuto (Learning Competencies)** | • Follow rules and regulations in going to different places<br>• Demonstrate proper ways of caring and protecting one's community<br>• Identify familiar sounds in the environment<br>• Describe the different places and persons belonging in one's community<br>• Recognize different modes of transportation on land, water, and air used in the community<br>• Identify the positions (in, on, under, top, and bottom) and directions (left and right, front and back) of object in one's environment<br>• Demonstrate proper behavior in various situations and places in the community |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | • Nalalaman ng bata na mayroong mga lugar siyang sa kaniyang komunidad upang maglaro, magsaya, at maglibang.<br>• Natutukoy ng bata kung sino ang mga kawani na tumitiyak na ang paligid ng lugar ay maayos at malinis.<br>• Natututuhan ng bata kung ano-anong aktibidad ang puwede niyang gawin at matutunan sa mga lugar at mga establisyimento sa kanyang komunidad. At mga puwede niyang makita sa iba't ibang lugar sa kaniyang komunidad. |
| **E. Nilalaman/Paksa (Content)** | May mga lugar at establisyamentong maaaring puntahan ang pamilya upang magsaya at maglibang. |

<table>
<tr><th>BLOCKS OF TIME</th><th>LUNES</th><th>MARTES</th><th>MIYERKULES</th><th>HUWEBES</th><th>BIYERNES</th></tr>
<tr><td>Arrival Time Free Play<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Batiin ng pinakamatamis na ngiti ang mga bata habang pinapapasok sa silid-aralan.<br><br>Kapag kumpleto na ang mga bata, sabihin sa kanila na ibaba na ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag-uumpisa ng klase.<br><br>Pagkatapos ng sampung (10) minuto, kantahin ang “Isa, Dalawa, Tatlo” o iba pang awiting maaaring gamitin habang pinapaupo ang mga bata.<br><br>(Sumangguni sa Teacher’s Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities)</td></tr>
<tr><td>Meeting Time<br>(15 minuto)</td><td colspan="5">Pambansang Awit<br>Panalangin<br>Ehersisyo<br>Kumustahan (Kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o napakinggan nila, current events)<br>Balitaan:<br>Ating alamin ang petsa, araw, at buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo. Kahapon ay <u>(e.g., Linggo)</u><br>Ngayon ay __________<br>_________________________<br>Bukas ay ____________<br>Ang petsa ngayon ay ika ________ng __________________taong _________.<br>Lalaki __________ Babae___________ Total ng bilang ng mga bata_______________<br>Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)<br>Tingnan ang inyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae. (Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki). Ilan ang mga lalaki? Kung ganoon, ilan lahat ang mga babae at lalaki? Bilangin natin. Isulat sa patlang ang sagot.<br><br>Balik-aral: Ating pagbalik-aralan ang mga pinag-usapan natin sa klase noong nakaraang linggo/kahapon. (Tanungin ang mga bata tungkol sa mga mensahe na pinag-usapan sa klase bago ipakilala ang mga gawain sa kasalukuyang araw.)<br><br>(Sumangguni sa Teacher’s Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang Makita ang iba’t ibang konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.)</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Mensahe** | Nasasabi ang mga halimbawa ng mga aktibidad sa paglilibang ay pamamasyal, paglalakad, paglangoy, pagmumuni-muni, pagbabasa, paglalaro, panonood ng sine, pagsasayaw at marami pang iba.<br>Nababanggit na ang mga paglilibang ay ginagawa sa ibat-ibang lugar sa komunidad.<br>Kasama sa lista ang parke, plaza, mall, zoo, museo, sa tabing ilog at tabing dagat, “hiking at walking” trails, mga lugar na may magagandang tanawin na maaaring magpiknik, pampublikong aklatan, sentro ng palakasan at palaruan.<br>Naibabahagi na may mga taong nagtatraho sa mga lugar na ito na maari nating mapagtanungan o hingan ng tulong kung kailangan.<br>Naiintindihan ang karanasan ng maraming bata sa siyudad na may kakulangan ng espasyo ay sa lansangan na lang nakapaglalaro.<br>Nararanasan na hindi lahat ng paglilibang ay kailangang gumasta at magbayad. May mga lugar na maaring puntahan na walang bayad.<br>Naipapaliwanag ang kahalagahan na may kailangang sundin na mga tuntunin sa lugar na pupuntahan upang mapanatiling ligtas, malinis at kaaya-aya sa iba ring bibisita. | | | | |
| **Mga Katanungan** | Nakapunta ka na ba sa parke? Anu-ano ang karaniwang nakikita at ginagawa rito?<br>Sino ang mga kawani na nagpapanatili sa kagandahan at kalinisan ng parke? May mga tuntunin din bang dapat sundin sa parke? Ano ang mga ito?<br>Bakit mahalagang sumunod sa mga tuntunin? | Alam mo ba kung ano ang “mall”? Nakapunta ka na ba sa mall?<br>Hindi sa lahat ng lugar ay mayroon nito. Saan ito madalas makita?<br>Ano ang mga nakikita sa mall?<br>Ano ang mga dapat sunding tuntunin sa mall?<br>Ano ang iba’t ibang uri ng trabaho ng mga tao sa mall?<br>Kung walang mall sa lugar ninyo, saan kayo nagpupunta ang pamilya ninyo?<br>Papaano kayo sama-samang naglilibang? | Ano ang palaruan? Kailan ka huling pumunta sa palaruan? Nagpunta ka ba pagkatapos ng klase o katapusan na ng linggo?<br>Sino ang kasama mo? Ano ang nilaro mo?<br>Sino-sino pa at ano ang ginagawa ng mga tao sa palaruan?<br>Pinapayagan ba ang lahat ng bata maglaro sa mga swing o mga akyatan?<br><br>Sino ang mga taong nangangalaga at nagpapanatiling malinis ang palaruan? | Alam n’yo ba kung ano ang teatro?<br>Ano ba ng pinapalabas dito?<br>Sino-sino ang mga taong nagtatrabaho at mga kawani sa teatro? | Nakapasyal na ba kayo sa zoo?<br>Ano ang mga nakikita doon?<br>Saan ang mga lugar ang may mga zoo? Bakit?<br>Sino-sino ang mga taong nangangalaga sa mga hayop at nagpapanatiling malinis ang zoo? |

| Work Period 1 (45 minuto) | Awitin natin ang Kaibigang Libro. | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Kuwento: May Lakad Kami ni Tatay (Akda ni Eugene Y. Evasco \| Guhit ni Brent Sabas, LG&M Corporation) Ipaliwanag ang mahihirap na salitang nasa kuwento.<br>● ulan ng alikabok<br>● padyakero<br>● maliliksing katawan<br>**Pagganyak na Tanong:**<br>May pinuntahan na ba kayong lugar na si Tatay lang ang kasama? Kung "oo" ang sagot, saan naman kayo nagpunta?<br>Ano ang ginawa ninyo doon?<br>**Pangganyak na Tanong**<br>Saan kaya ang lakad ng mag-ama sa ating kuwento?<br>Ano kaya ang gagawin nila sa pupuntahan nila? Ating alamin. | Kuwento: Ang Sapatios ni Mommy (Akda ni Segundo D. Matias \| Guhit ni Kora Dandan-Albano, Lampara Books) Ipaliwanag ang mahihirap na salitang nasa kuwento.<br>● sinusulit<br>● mausisa<br>● napakapihikan<br>**Pagganyak na Tanong:**<br>Saan kayo madalas magpunta o mamasyal kung araw ng Linggo?<br>Ano ang ginagawa ninyo roon?<br>**Pangganyak na Tanong:** Saan ang paboritong puntahan ng magkapatid sa kuwento?<br>Anong mga uri ng paglilibang ang ginagawa sa lugar na ito? | Kuwento: Ang Palaruan (Playground Photo Chat) Guhit ni: **Pagganyak na Tanong:** May palaruan ba sa komunidad ninyo? Nasubukan mo na bang maglaro doon?<br>**Pangganyak na Tanong?**<br>Anu-ano ang makikita na mga gamit sa palaruan? Sino-sino ang mga nagpupunta sa palaruan? | Kuwento: Filemon Mamon (Akda ni Christina Bellen, \| Guhit ni: Jason Moss, Aklat Adarna) Ipaliwanag ang mahihirap na salitang nasa kuwento.<br>● teatro<br>● audition<br>● sasalampak<br>● ngumangasab<br>● hingal kabayo<br>**Pagganyak na Tanong:** Nakapanood na ba kayo ng palabas sa teatro?<br>**Pangganyak na Tanong**<br>Ano ang pangarap ni Filemon? Natupad kaya ito?<br>Alamin natin ang sagot sa kwentong "Filemon Mamon". | Kuwento: Mario's Special Day (Akda ni: Fiona Fajardo, Artworks ni: Mel Silvestre, Aklat Adarna)<br>**Pagganyak na Tanong:**<br>Ano para sa iyo ang espesyal na araw? Ano ang ginagawa sa araw na ito?<br>**Pangganyak na Tanong**<br>Ano ang espesyal na araw para kay Mario? Ano kaya ang mangyayari sa araw na ito?<br><br>Maaaring magpakita ng video ng zoo hango sa YouTube. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Talakayan:**<br>Balikan at pag-usapan ang mga detalye ng kuwento.<br>Sino-sino ang mga tauhan sa ating kuwento?<br>Saan pupunta ang mag-ama at anong gagawin nila doon?<br>Anong oras sila naghanda at umalis?<br>Sino-sino ang nakita nila?<br>Bakit nasabi ng bata na parang piyesta sa parke?<br>Ano ang nangyari at parang piyesta sa parke?<br>Nagustuhan ba ng bata ang lakad nila ng Tatay niya?<br>Bakit mo nasabi iyan? Ano ang mga tuntunin ang kailangang sundin sa parke?<br>Sa palagay ninyo bakit mahalaga na panatilihing malinis ang mga parke at ibang pampublikong lugar?<br>(Isulat sa Manila Paper ang mga tuntunin.) Make a story sequence/ Iguhit ang paboritong<br>bahagi ng Kwnnto | **Talakayan:**<br>Balikan at pag-usapan ang mga detalye ng kuwento.<br>Ano nga ang pamagat ng ating kuwento?<br>Sino ang mga tauhan dito?<br>Saan sila nagpupunta tuwing Linggo at ano ang hilig nilang ginagawa?<br>Ano ang masasabi mo tungkol sa magkapatid?<br>Mommy? Kung ikaw ang tatanungin, gusto mo bang pumunta sa mall palagi? Oo o Hindi?<br>Bakit?<br>Anong parte sa kwento ang paborito mo?<br>Bakit?<br>Ano ang mga tuntunin ang kailangang sundin sa Mall? Sa grocery o palengke?<br>Bakit kailangan sumunod sa mga tuntunin?<br>Sino-sino ang mga taong nagtatrabaho sa mga lugar na ito? (Isulat sa Manila Paper<br>ang mga tuntunin.)<br><br>Word Web | **Talakayan:**<br>Balikan at pag-usapan ang mga detalye nito. Anong lugar ang nasa larawan?<br>Sagutin ang mga pangganyak na mga tanong. Ano pa ang maaaring gawin sa palaruan na wala sa larawan?<br>Kung walang malapit na palaruan sa inyong lugar, saan ka naglalaro?<br>Sino ang mga kalaro mo?<br>Ano ang mga laro ninyo?<br>Bakit masaya sa palaruan?<br>Paanong mapa- panatiling malinis at ligtas ang mga palaruan?<br>(Isulat sa Manila Paper ang mga sagot kung paano mapapanatiling malinis ang palaruan.)<br><br>Tapusin ang Kwento | **Talakayan:**<br>Balikan at pag-usapan ang mga detalye ng kuwento.<br>Sino ang nakilala natin sa kuwento? Ano nga ba ang pangarap ni Filemon? Natupad ba ito? Kung hindi, bakit?<br>Ano ang kailangan niyang gawin?<br>Ano ang mga ginawa ni Filemon upang matupad ang kanyang pangarap? Kayo ano ang mga pangarap ninyo<br>Ano kaya ang mga tuntunn ang dapat nating sundin kung manood sa teatro. Kilala niyo ba ang mga kawani sa mga tratro?<br>Paano ka makakatulong na mapangalagaan ang kalinisan ng teatro? (Isulat ang sagot sa tuntuninat paano mapapanatiling malinis ang teatro.)<br><br>Kilalanin si Filemon Character Adjective Concertina | **Talakayan:**<br>Balikan at pag-usapan ang mga detalye ng kuwento.<br>Si Mario ay mahilig sa mga ________?<br>Saan sila pupunta pagkatapos kumain ng tanghalian?<br>Anong kakaibang pangyayari kay nung nung araw na iyon? Ano ang mga nakita ni Mariio:<br>1. pagpunta niya sa silid ng mga magulang<br>2. habang kumakain ng agahan<br>3. nagbabasa sa sala<br>4. naghahanda ng tanghalian<br>5. habang naliligo<br>6. habang nagbibihis Bakit naisip ni Mario na totoo ngang espesyal ang araw na iyon?<br>Talaga bang may mga nakitang hayop si Mario sa bahay nila? Oo? Hindi? Bakit?<br>Kung pupunta kayo sa Zoo, ano kaya ang mga dapat nating gawin upang ang mga tao at hayop ay<br>maging ligtas? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Graphing- Making a list of animals in the story |
| **Teacher Supervised Activity** | **Marungko:** Letrang Bb Pagpapakilala ng tunog Pagpapakita ng hugis ng bibig upang magawa ang tunog Pagpapakilala ng letra **Gawain:** Ipagawa sa bata ang Worksheet 1: Kulayan ang Malaki at maliit na letrang Bb. (Sumangguni sa Appendiks para sa panuto at kopya ng worksheet.) | **Marungko:** Letrang B Pagsulat ng hugis ng titik sa papel Pagsulat ng hugis ng titik sa hangin, sa sahig, sa palad, atbp. **Gawain:** Sandbox Ipasulat sa mga bata ang letrang Bb ng labing isang beses. Maaaring bigyan ang mag-aaral ng isang ika-apat na bahagi ng papel kung saan niya isulat ang tally o bilang na ng naisulat na titik. | **Marungko:** Letrang Bb Pagpapakilala ng mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa tunog ng letra Pagsulat ng simula na tunog Pagpapakilala ng mga salita salitang pantulong - ang, mga, si gamit ang flash cards Sumangguni sa Appendiks para sa flashcards) **Gawain:** Ipagawa sa bata ang Worksheet 3: Ayun Nakita Ko (Sumangguni sa Appendiks para sa panuto at kopya ng worksheet.) | **Marungko:** Letrang Bb Balik Aral ng mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa tunog ng mga unang itinuro ng mga letra: Mm, Ss, Aa, Ii, Oo at Bb Pag balik-aralan ang mga salitang pantulong gamit ang flashcards **Gawain:** Ipagawa sa bata ang Worksheet 5: Ayun Nakita Ko (Sumangguni sa Appendiks para sa panuto at kopya ng worksheet.) | **Marungko:** Letrang Bb Pagsasama ng mga tunog upang makalikha ng makabuluhang salita (Mm, Ss, Aa, Ii, Oo. Bb) Balik aralan ang mga salitang pantulong Pagsasama ng nalikhang mga salita at ng salitang pantulong upang makabuo ng parirala **Gawain:** Ipagawa sa bata ang Worksheet 7: Basahin, Isulat, Iguhit (Sumangguni sa Appendiks para sa panuto at kopya ng worksheet.) |
| **Supervised Recess** (15 minuto) | Mga bata, sampung (10) minuto na lang ang natitira. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay-sabay, 1, 2, 3, 4, 5. (Puwede ring hanggang 10 o 20 kung kailangan.) Tawagin natin si _______________, ang ating tagapanalangin o prayer leader (ayon sa Job Chart). Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating meryenda. Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. (Pagkahugas ng kamay, kakainin na ng mga bata ang kanilang baon). Kapag kumakain na ang mga bata, maaaring sabihin ng guro: Puwede rin kayong magbahagi ng pagkain sa inyong mga kaklase. Ano ang lasa, kulay, o hugis ng inyong pagkain? Sino ang nakaupo sa harap mo? Sa kaliwa? Sa kanan? At iba pa. Pagkatapos kumain, maghuhugas muli ng mga kamay at magsisipilyo. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at mga ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaari ring magpalit ng damit kung kinakailangan. | | | | |

| | |
|---|---|
| | Magpapahinga na ang mga natapos. |
| **Quiet / Nap Time** (10 minuto) | Iparinig nang mahina ang rekorded na awiting 'Ang Munting Bituin' habang nagpapahinga ang mga bata. |
| **Work Period 2** (40 minuto) | Tapos na ang sampung (10) minuto, muli tayong maghahanda para sa iba pang masasayang gawain. Kakantahin muli natin ang 'Masaya kung Sama-Sama.' (Sumangguni sa Apendiks para sa kopya ng awitin) |
| | Magbilang Tayo (10-15 minuto)<br>Ipakuha o ipalabas sa mga mag-aaral ang kani-kanilang mga pamilang; pagkatapos ay paupuin sila sa kanilang upuan. Sabihan silang maglabas ng labindalawa (12) na pamilang. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Magbilang ng Labing-isa.*<br>Ang kahulugan at kabuuan ng bilang 11.<br>Sabihin sa mga bata na ipakita sa pamamagitan ng pagpapangkat ang kanilang pamilang.<br>Tanungin ang mga bata ng sumusunod: Ilang tig-iisa ang mayroon sa 11? (Sagot: Labing-isa.) Ilang grupo ng dalawa ang mayroon sa 11? (Sagot: Limang pangkat ng dalawa at 1 dagdag). Ilang grupo ng tatlo ang mayroon sa 11? (Sagot: Tatlong grupo ng tatlo at dalawang dagdag.) Ilang grupo ng apat ang mayroon sa 11? (Sagot: Dalawang | *Ten Frame Activity* Bigyan ang bawat bata ng dalawang *ten frame* o maaari rin itong gawin ng pares o tatlong bata na magtutulungan.<br>Gamit ang kanilang 11 bilang ng mga pamilang, ipalagay ang mga ito sa *ten frame.*<br>Hayaan ang mga bata na tuklasin ang iba't ibang paraan upang mailagay nila ang mga pamilang sa kanilang 10 frames.<br>Sabihin sa mga bata na ipakita ang pamamaraan ng kanilang pag-ayos ng kanilang pamilang upang mabuo ang bilang 11.<br>Pagkatapos maipakita ang pamamaraan ng pag-aayos ng mga pamilang, itanong kung: | *Tsart -Pagbuo ng Labing-isa* Gamit ang mga pamilang ipagawa sa mga bata ang ibat-ibang paraan ng pagbuo ng bilang labing-isa.<br>Magbigay ng papel para iguhit o kopyahin nila ang pahkakaayos na ganito.<br>Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na makagawa ng sarili niyang pag-aayos at kombinasyon.<br>Pagkatapos ay maaring bumuo ng isang tsart ang grupo. Maaaring pamagat ng tsart Lahat Labingisa o Iba't Ibang Paraan ng Paggawa ng 11.<br>Maaaring gumamit ang guro ng Manila paper, likod ng | *Pagsulat ng mga Bilang Isa hanggang Labing-isa.*<br>Ipagawa sa bata ang Activity Sheet 9 sa Quarter 2, Week 6. (Sumangguni sa KLAS para sa panuto at kopya ng worksheet.)<br><br>Maaari ring gamitin ang Activity Sheet 10 | *Bilang Labing-isa Worksheet*<br>Ipagawa sa bata ang Activity Sheet 12 sa Quarter 2, Week 6. (Sumangguni sa KLAS para sa panuto at kopya ng worksheet.)<br><br>Alin ang mas marami, mas kaunti at pareho lang ?<br>Activity sheet 14 |

<table>
<tr><td></td><td>pangkat ng apat at 3 dagdag.<br>Ilang grupo ng lima ang mayroon sa 11?<br>(Sagot: Dalawang pangkat ng lima at 1 dagdag.<br>Ilang grupo ng anim ang mayroon sa 11?<br>(Sagot: Isang pangkat ng anim at 5 dagdag.<br>Ituloy ang pagbibi- lang at pagpa- pangkat hanggang<br>umabot ng bilang labing isa.</td><td>1. Ano ang pinakamadaling pag-aayos ng bilang labing-isa?<br>2. Bakit pareho pa rin ang dami ng mga pamilang kahit ibat-ibang paraan ng pag-aayos nito?<br><br>Two Ten Frames and 11</td><td>malaking kalendaryo o anumang malalaking papel na magagamit nila.<br><br>Activity sheets 8,11</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Mga Gawain sa Grupo<br>(Independent Activities)</td><td colspan="5">May mga inihandang gawain sa bawat grupo na maaaring ipagawa kapag natapos na ang mga bata sa mga gawain para sa araw.<br>Maaaring ang lider ng bawat grupo ang kumuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ako sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ito gagawin.<br>Early Language, Literacy, and Numeracy Activities: Iba Pang<br>mga Gawain:<br><br>● “I Have, Who Has” Ten Frame Game<br>● Double Ten Frames for 11<br>● Decomposing 11<br>● Color Memory Game<br>● May _____Ba Sa Pangalan Ko?<br>● Character Adjective Concertina<br>● Hulaan ng mga Bagay na Nagsisimula sa Bb<br>● Letter Mosaic ng Letrang Bb</td></tr>
<tr><td>Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)</td><td colspan="5">Bibilang ako ng isa hanggang sampu para tapusin na ang inyong ginagawa at ibalik sa tamang lagayan ang mga ginamit. (Bagalan ang pagbilang upang may sapat na oras tapusin at iligpit ng mga bata ang mga ginamit.)<br><br>Kung kulang pa… Uulitin ko ang pagbilang ng isa hanggang sampu. Dapat malinis at maayos na ang lahat.<br>Handa na ba kayong maglaro? (Kung ang gawain ay sa labas ng silid-aralan, sumangguni sa Apendiks sa pamamaraan ng pagpapapila ng mga bata.)</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td rowspan="2"></td><td>Red Light, Green Light</td><td>Bato, Bato, Pik</td><td>See If You Can</td><td>Kanan O Kaliwa</td><td>Bato, Bato</td></tr>
<tr><td colspan="5">Pagkatapos ng sampung (10) minuto, ibabalik na natin ang mga ginamit sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam. (Kapag tapos na ang sampung (10) minuto) Iligpit na natin ang mga ginamit natin at umupo na tayo.<br><br>Maaari ding kantahin ang “Isa, Dalawa, Tatlo”</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Wrap-Up Time (mensahe) & Dismissal (10 minuto)</td><td>Mahalaga bang malinis ang ating parke? Bakit?<br>Sino-sino ang tumutulong mapanatiling malinis nito sa lahat ng oras?<br>Ano ang maaari nating maitulong sa kanila?<br>(Pakinggan ang sagot ng mga bata at bigya diin ang mga ito.)</td><td>Maari niyo bang sabihin muli ang mga tuntunin na kailangan sundin kung nasa mall,grocery o palengke?<br><br>Sino-sino ang mga taong nagtatrabaho doon?</td><td>Masaya sa Palaruan.<br><br>Paanong mapa- panatiling malinis at ligtas ang palaruan?<br><br>Ipakita ang listahan ng mga sagot ng mga bata.</td><td>Ano ang mga ipinapalabas sa teatro? Paano natupad ang pangaarap ni Filemon?<br><br>Kung maraming nanonod, ano ang kailangan nating sundin na tuntunin?<br><br>Tulungsng alalahanin ang sagot ng mga bata.</td><td>Alalahanin ang kwento at ang video ng zoo sa YouTube.<br>Anong hayop ang nakita ninyo?<br>Paano nga inaalagan ang mga hayop sa zoo?</td></tr>
<tr><td colspan="5">Marami tayong ginawa ngayong araw. Magbabanggit ako ng ilan at itaas ang kamay kung ano ang pinakanagustuhan ninyo.<br><br>Awitin natin ang kantang (paalam) ________________. Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi.</td></tr>
<tr><td colspan="6">Dismissal Routine: Mag-ingat sa pagtawid sa kalye. Tumingin sa kaliwa, kanan, at kaliwa muli bago tumawid. (Paalalahanan ang mga bata kung may pulong (meeting) ang mga magulang o kung may sulat para sa kanila.)</td></tr>
</table>

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling istratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| | | |
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |

**Apendiks**

A. **Mga Gawaing Kaugnay ng Tema**

**Story Sequencing- Pagkasunod-sunod ng Kwento**

Layunin: Natututuhan ng bata ang kakayahang mag-ayos ng wika, kaisipan, impormasyon, at pagkilos sa isang tiyak na pagkakasunud-sunod.


Mga Gagamitin: printout base sa mga pangyayari sa kuwento, printout ng graphic story sequence sheet, paste, gunting at lapis

Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata

Paghahanda ng Guro: Base sa pinag-usapan sa Talakayan, mag print-out ng graphic story sequence na papel at limang pangyayari sa kuwento.

Pamamaraan:

1. Ipakita sa mga bata ang mga larawan ns gagamitin sa aktibidad. Pagusapan ito isa-isa. Ipaliwanag din ang direksiyon ng mga palaso (arrows) at ang ibig sabihin nito.
2. Ipaliwanag sa mga bata na maingat na gupitin ang mga larawan ng mga kaganapan sa kuwento.
3. Hayaan ang mga bata na ayusin sa tamang pagkakasunod ang mga larawan bago idikit sa tamang parihaba.




**Word Web**

Layunin: Matutulungan ang bata na mapalalim at mapalawak ang pag-unawa at pag intindi tungkol sa isang bagay, lugar at mga tao. Natututunan ng mag-aaral na gumawa ng koneksyon sa pagitan ng kanyang dating kaalaman at karanasan at ng bagong impormasyon o ideya.


Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata

Mga Gagamitin: Manila paper, 4 na ibat ibang kulay ng pentel

Paghahanda ng Guro: Isulat sa Manila Paper o blackboard ang web. Sa gitna ang pamagat ng aklat, at sa apat na bahagi ay ang mga salitang Ate Chie, Mommy, Luigi, at Mall.

Pamamaraan:

1. Hikayatin ang mga bata na magbigay ng mga salita na naglalarawan sa mga tauhan o mga pangyayari sa kuwento na naaalala nila.
2. Tanungin ang mga bata ukol sa mall. Ano ang mga makikita doon? Bakit maraming tao ang pumupunta doon? Kung gusto mong manood ng pelikula, saan sa mall ka pupunta?
3. Bigyang tuon din ang pagmamahal ng Mommy sa mga anak at paano niya ito ipinapakita sa kanila.
4. Paano rin ipinakita ng mga anak na mahal din nila ang kanilang Mommy?



**Playground Chat**

Paghahanda ng Guro:

1. Maaaring I project sa TV gamit ang cellphone para Makita ng lahat.
2. Ipa kopya ang larawan na sapat para sa dalawang bata ay maaaring makitang sbay at makapagusap tungkol sa larawan. Layunin:

Matututong magmasid at bumuo ng isang pisikal na paglalarawan ng isang partikular na lugar o setting.


Napahuhusay ang kanilang mga kasanayan sa wika at pagsulat.

Mapabubuti ang kanilang bokabularyo, kritikal na pag-iisip, mga kasanayan sa paglutas ng problema, at pag-unawa sa maraming relasyon.

Bilang ng Kasali: Lahat ng bata Mga

Gagamitin: Larawan Pamamaraan:

Sumangguni sa Teacher’s Guide at gamiting gabay ang mga alituntunin sa paggamit ng “Photo Chat”.



**Tapusin ang Kwento (Finish the Story)**

Layunin: Nakatutulong ito sa kanila na ayusin at tandaan ang impormasyon sa kuwento at paligid

Makakatulong na matutunan ang ganitong paraan ng pagkatuto upang ang mga mag-aaral ay bumuo ng mga kritikal na kasanayan sa pag-iisip.

Matututong gumawa ng isang buong kuwento bilang isang klase. Nagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagkukuwento ng bawat manlalaro

Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata Mga

Gagamitin: Papel at panulat Pamamaraan:

1. Ipunin ang mga manlalaro sa isang bilog sa sahig o sa manatili sa kanilang upuan sa mesa.
2. Ang guro ang magsisimula sa kuwento.
3. Ipagpapatuloy ng unang bata ang kuwento sa pamamagitan ng pagsasabi ng susunod na pan
4. Ipagpapatuloy na ng iba pang mga mag-aaral ang kuwento.
5. Depende sa laki ng grupo ay maaaring magkaroon ng 2 hanggang 3 kinatawan ang bawat mesa.
6. Kapag malapit nang matapos ang kuwento, sasabihin ng huling manlalaro ang pangwakas na pangungusap
7. Dapat tapusin ng mga manlalaro ang nakaraang pangungusap at pagkatapos ay magsimula ng bagong pangungusap.
8. Ang laro ay maaaring hangga't gusto mo o kasing-ikli ng gusto mo.
9. Tiyaking umikot ka sa bilog, upang ang bawat manlalaro ay may pantay na pagliko.
10. Maaari ang guro ang tagapagtala ng mga sagot ng bawat bata upang makabuo ng kuwento.
11. Ipaguhit sa bata ang naibahagi niyang dugtong sa kuwento upang makabuo ng aklat.

**Kilalanin si Filemon Character Sketch**


Layunin: Matuto ang mga bata sa paglalarawan ng karakter upang mapalawak ang pagbuo ng bokabularyo.
Matuto ng pag-unawa at mga kasanayan sa tamang gramatika at kalaunan sa pagbasa at pagsulat sa antas na ito
Matutong maunawaan ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng konteksto o mga larawan sa kuwento.

Bilang ng kasali: Lahat ng bata

Paghahanda ng Guro: Isulat sa blackboard o Manila paper ang character map. Pamamaraan:

1. Gamitin ang character map na gabay upang mapunuan ang mga kahon ng sagot ukol kay Filemon.
   Halimbawa: Ano ang pangalan ng batang bida sa ating kwento? Isulat ang sagot sa karampatang kahon.
   Ano ang masasabi mo sa kanyang anyo?

   Title: Kilalanin Si Filemon
   Appearance: Hitsura (Ano ang hitsura ng karakter?
   Personality: Pagkatao (Ano ang mga saloobin at damdamin ng tauhan sa bahaging ito ng teksto?
   Text Evidence: Katibayan sa teksto
   Ations: Asal/ Kilos: Ano ang ginagawa ng karakter?




**Animal List and Graphing**

Layunin: Matutunang alalahanin ang mga detalye ng kuwento: mga tauhan, kailan at saan ang mga kuwento nangyari, at ang mga pangyayari sa kuwentong pinakinggan.
Sagutin ang mga tanong tungkol sa mga detalye sa isang pictograph.

Bilang ng Kasali: Lahat ng bata

Mga Gagamitin: Manila Paper, pentel pen

Paghahanda ng Guro: Ihanda na sa Manila paper ang gagamiting talahanayan at talangguhit na gagamitin sa talakayan Pamamaraan:

1. Pag-usapan muli ang kuwento gamit ang mga tanong sa talakayan.
2. Isulat ang mga uri ng hayop at bilang nito sa kuwento habang ipinapakita muli ang mga pahina ng aklat.
3. Pagkatapos ng paglilista, ay ipakita ang inihandang talangguhit.
4. Tanungin ang mga bata kung ano ang masasabi sa lista at sa mga datos sa talangguhit.

5. Mga maaaring itanong: Anong hayop ang pinakakaunti? Pinakamarami? Anong mga hayop ang mas kaunti ng isa at mas marami ng isa sa tigre? (Sagot: 1 elepante & 3 giraffe)
6. Gamitin ang pagtuturo ng konsepto ng "mas marami" at "mas kaunti"at "parehong dami".
7. Gamitin rin ang konsepto ng pinaka malaki, pinaka maliit, at katamtaman lang ang laki.
8. Gamitin ang ten frame at tumawag ng mag-aaral upang ipakita ang bilang ng bawat hayop.
9. Ipakita sa pisara ang paraan ng pagbibilang gamit ang pag-tally".
10. Ibahagi na ang talangguhit ay isa ring paraan ng pagpapakita ng bilang ng mga bagay.

| Hayop | Bilang |
|---|---|
| 1. elepante | 1 |
| 2. tigre | 2 |
| 3. giraffe | 3 |
| 4. pawikan | 4 |
| 5. baboy | 5 |
| 6. matsing | 6 |
| 7. bibe | 7 |
| 8. isda | 8 |
| 9. aso | 9 |
| 10.pusa | 10 |

**B. Iba Pang mga Early Language, Literacy, and Numeracy Activities**

**"I Have, Who Has" Ten Frame Game**
Layunin: Nakikilala at natutukoy ang mga numerong 0 hanggang 10
Mga Kagamitan: Ten frames cards * (maaaring idownload ng libre sa www.Pinterest) Bilang ng mga
Kasali:4-6 na bata
Pamamaraan:

1. Ang lahat ng mga card ay kailangang ipamahagi sa pagitan ng mga mag-aaral (at mga tagapagturo).
2. Pumili ng mag-aaral na magsisimula ng laro sa pamamagitan ng pagbabasa sa bahagi ng tanong ng game card, halimbawa "Sino ang may 6?".
3. Ang ibang mga estudyante ay titingin sa sampung frame sa kanilang mga card at bibilanginang mga ito, kung sino ang may sampung frame na kumakatawan sa numero 6 ay tutugon ng "Mayroon akong 6".
4. Ipagpapatuloy ng mag-aaral na iyon ang laro sa pamamagitan ng pagbabasa ng tanong na bahagi ng laro.
5. Ang laro ay nagtatapos kapag ang lahat ng mga card ay natawag na.





Baryasyon sa laro: Maaring hanapin at itanong “Anong bilang ang mas marami o mas kaunti sa “6”?”

**Bugtungan ng Bilang**
Layunin: Nakikilala at natutukoy ang mga numero. Mga Kagamitan:
Bugtungan Cards
Bilang ng mga Kasali: Lahat ng bata o 2-4
Paghahanda ng Guro: Gumawa ng mga bugtong para sa mga ibat ibang bilang.
Pamamaraan:

1. Maaaring gamitin bilang pang transisyon sa mga aktibidad ng mga bata.
2. Isulat ang sagot sa likod.

Halimbawa:




3. Maaaring gamitin Independent Activity ng mga bata sa mesa.

**Isampay Ang Mga Damit**
Layunin: Nakikilala at natutukoy ang mga numero.
Mga Kagamitan: Sipit ng sampayan, tali, number cards na hugis kamiseta Bilang ng mga Kasali: 1-2
Paghahanda ng Guro: Gumawa ng mga kamiseta na may bilang 1-20 tulad ng nasa larawan.

Pamamaraan:

1. Ipaliwanag na kailangang abutin ang mga kamiseta ng magkakasunud-sunod mula 1-10 o hanggang 20.
2. Gamitin lamang ang mga bilang 1-12.
3. Kung kaya na ng bata ay tapusin hanggang 20.
4. Ayusin ang pagkakasunod-sunod ng bilang sa sahig o mesa bago ibitin.




**Alin ang mas marami?**

Layunin: Nakikilala at natutukoy ang mga numero.
Natututo makilala ang mga set na may sampung frame, dice, tuldok, daliri, domino at tally mark. Mapapaunlad. ang mga kasanayan sa pag-subitize at pag-unawa sa numero.

Mga Gagamitin: Cards na may ten-frames, dice, dot patterns, finger patterns, domino dot patterns at tally marks Bilang ng mga Kasali: Lahat ng bata o depende sa dami ng cards na kayang gawin at padamihin.


Paghahanda ng Guro: Gumawa o mag-download ng mga pattern cards na naka lista sa mga gagamitin tulad ng nasa larawan



Pamamaraan:

1. Hatiin ang mga card nang pantay-pantay sa pagitan ng dalawang manlalaro.
2. Panatilihing nakaharap ang mga card sa isang stack sa harap ng bawat manlalaro.
3. Sabay-sabay na ibinabalik ng mga manlalaro ang kanilang nangungunang card at tingnan kung sino ang may mas mataas na numero.
4. Kung sinong numero ang pinakamataas, kukunin ang parehong card at ilalagay ito sa kanilang "panalo" na pile.
5. Ipagpatuloy ang paglalaro hanggang magamit ang lahat ng baraha.
6. Ang manlalaro na may pinakamaraming card sa kanilang "win" pile ang siyang panalo! Bariyasyon:
   1. Maaaring hatiin ang mga cards sa dalawa upang mas higit pa sa dalawang bata ang makapaglaro.

**Quick Images**



Layunin: Mapapaunlad ang kasanayan at pag-unawa sa number sense, spatial reasoning, memorya, at subbitizing.

Mga Gagamitin: Dot pattern cards ten-frame pattern cards.

Bilang ng mga Kasali: Lahat ng bata o depende sa dami ng cards na kayang gawin at padamihin.

Paghahanda ng Guro: Gumawa o mag-download ng mga pattern cards na nakalista sa mga gagamitin tulad ng nasa larawan.

Pamamaraan:

1. Mabilis mong ipapakita sa mga mag-aaral ang imahe.
2. Kakailangan na bigyang-pansin ang bilang ng mga tuldok at ang pagkakalagay sa larawan.

3. Muling likhain ang larawan mula sa memorya gamit ang mga pamilang (counters). gamit ang inyong mga pamilang
4. Muling ipakita ang larawan upang maaari nilang suriin kung tama ang kanilang ginawa.

**May __________Ba Sa Pangalan Ko?**


Layunin: Natutukoy ang pangalan at tunog ng mga titik sa alpabeto.

Mga Kagamitan: mga name cards (kung maaari ay laminated o balutan ng plastic upang magamit ng matagal) lapis, papel at krayola, malaking chart o blackboard scotch tape/masking tape/packing tape

Bilang ng mga Kasali: lahat ng mga bata

Pamamaraan:

1. Isulat sa blackboard, "May Bb bas a pangalan ko? Isulat sa ilalim ang Mayroon/Wala
2. Ididikit nila ang namecard sa ilalim ng angkop na salita (Mayroon /Wala).




May titik Mm ba sa pangalan ko?
Mayroon Wala

Petsa: Nov.7, 2023
**Mm**
Pangalan: ▯
**Patricia**

Petsa: Nov.8, 2023
**Ss**
Pangalan: ▯
**Patricia**

Petsa: Nov.9, 2023
**Aa**
Pangalan: ▯
**Patricia**

Sample ng papel na susulatan ng pangalan at petsa

3. Kung "wala" ang sagot, kulayan ang kahon ng pula. Kung may titik na hinahanap sa pangalan ng bata ay bilugan ng asul ang mga titik. Kulayan din ng asul ang kahon.
4. Gumawa ng listahan at doon ilagay ang tally para sa titik na hinahanap.

**Character Adjective Concertina**
Layunin: Matuto ang mga bata sa paglalarawan ng karakter upang mapalawak ang pagbuo ng bokabularyo.
Mapapabuti ang pag-unlad ng mga daliri na ginagamit sa pagsulat at paggupit.
Mga Kagamitan: bond paper, panulat, gunting, krayola Bilang ng mga
kasali: 5-6 bata
Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng coupon bond. Tiklupin ito sa gitna, at tiklupin ulit upang may apat na bahagi ang inyong papel.
2. Isusulat ng guro sa blackboard ang mga salita na tumutukoy kay Filemon sa ginawang talakayan at Character Map
3. Iwang blanko ang unang bahagi. Papiliin ang mag-aaral ng tatlong salitang kokopyahin at isusulat niya ito sa bawat bahagi ng papel.
4. Gumuhit ng buhok at mga tampok ng mukha upang kumatawan sa iyong napiling karakter.
5. Gumuhit ng mga ulo, braso at binti sa kumakatawan sa karakter.
6. Kulayan, gupitin at idikit ang ulo, braso at binti sa tiniklop sa papel.

**Titik Bb Guessing Game**
Layunin: Natutukoy ang tunog ng titik Bb.
Natutukoy ang tunog ng mga titik sa alpabeto
Mga Kagamitan: Supot o mallit na bag, mga larawan na nagsisimula sa titik B Bilang ng mga
kasali: lahat ng mga bata
Paghahanda: Humanap ng mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa titik Bb. Maaring gamitin yung nasa listahan. Ilagay sa isang supot o kahon.
Pamamaraan:

1. Ang guro ang magpapahula. Bubunot siya ng isang card at magbibigay siya ng tatlong katangian ng bagay sa larawan.
2. Maglalaban-laban ang mga bata sa bawat mesa.
3. Tatawag ng kinatawan sa bawat mesa at unahan mahulaan ang bagay base sa clue na sasabihin ng guro.
4. Kung mahulaan sa unang clue -5 puntos.
5. Kung mahulaan sa ikalawang clue – 3 puntos.
6. Kung mahulaan sa ikatlong clue – 1 punto lamang.
7. Isulat ang salita sa blackboard at idikit ang larawan sa tabi nito.
8. Pagkatapos ng laro, tanungin ang mga bata kung ano ang napapansin nila sa mga salita.
9. Bigkasin isa-isa ang mga bagay na nagsisimula sa titik Bb. Bigyan ng diin ang tunog ng titik.
10. Tanungin ang mga bata kung may naiisip pa silang mga bagay na nagsisimula sa parehong titik.

| Mga Bagay Na Nagsisimula sa Bb | |
|---|---|
| 1. bola | 11. bisikleta |
| 2. basket | 12. baboy |
| 3. bag | 13. bayong |
| 4. botones | 14. buto |
| 5. baka | 15. banig |
| 6. basura | 16. baro |
| 7. baso | 17. buko |
| 8. bangka | 18. bayabas |
| 9. bato | 19. bote |
| 10.bahay | 20. bibe |

Bariyasyon ng Laro:
Pagbabalik-aral sa mga titik na natalakay na sa mga nakaraang mga araw. Ulitin ang laro gamit ang mga larawan na nagsisimula sa mga sumusunod na titik: Mm, Ss, Aa, Ii at Oo. Maaring ipaghalo ang mga larawan ng nasabing mga titik. Bigyang diin ang mga tunog ng mga titik na nabanggit.

**Letter Mosaic (Bb)**
Layunin: Nakatutukoy ng mga bagay na nagsisimula sa isang tiyak na titik ng alpabeto
Mga Kagamitan: mga nagupit na makukulay na papel (Japanese o crepe paper, mga 2 inches ang laki ng square) pandikit, balangkas ng letrang Bb.
Bilang ng mga kasali: 5-6 na bata
Pamamaraan:

1. Gumuhit ng balangkas ng titik Bb sa kalahating bond paper
2. Bigyan ng papel na may balangkas ng titik Bb ang lahat ng mag-aaral.
3. Ipadikit sa mga bata ang makukulay na papel sa balangkas ng titik.
4. Ipabigkas sa mga mag-aaral ang tunog ng titik Bb kapag sila ay nakatapos sa gawain.

**Letter Sound and Objects Match**

Layunin: Nakapagbibigay ng mga bagay na nagsisimula sa tiyak na titik ng alpabeto.

Nabibigyang-ngalan ang mga karaniwang bagay sa paligid (paaralan, tahanan, at komunidad) Mga Kagamitan:

Letter Cards ng M, S, A, I, O, at B

Bilang ng mga kasali:5-6 na mga bata

Pamamaraan:

1. Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga titik at tunog ng mga ito.
2. Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga bagay sa loob ng silid-aralan na nagsisimula sa tunog ng mga titik at ipalagagay ang mga ito sa mga ito ibabaw ng mga letter card.

**Letter Name and Sound Flashcards**

Layunin: Nakapagbibigay ng mga bagay na nagsisimula sa tiyak na titik ng alpabeto.

Nabibigyang-ngalan ang mga karaniwang bagay sa paligid (paaralan, tahanan, at komunidad) Mga Kagamitan:

Letter Cards ng M, S, A, I, O, at B, flachcards ng pantulong na salita: ang , mga , si Bilang ng mga kasali:lahat ng mga bata

Pamamaraan:

1. Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga titik at tunog ng mga ito.
2. Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga bagay sa loob ng silid-aralan na nagsisimula sa tunog ng mga titik at ipalagagay ang mga ito sa ibabaw ng mga karampatang titik.
3. Balik-aralan ang pagsasama ng mga tunog upang makabuo ng makabuluhang salita.
4. Ipakita sa mag-aaral ang mga nabuong salita.
5. Upang gawin ito nang mas masaya, hilingin sa mga mag-aaral na ulitin ang salita sa mataas na boses kung hahawakan mo ang card ng mataas, sa mahinang boses kung hawak mo ang card nang mahina, sa tahimik na boses kung hawak mo ang card malapit sa iyong katawan, at sa malakas na boses kung ihaharap mo ng malapit sa kanila ang card.

Bariyasyon:

Maglaro ng mga flashcard. Halimbawa, maaari kang humawak ng isang piraso ng card sa harap ng flashcard at dahan- dahang ihayag ito. Dapat hulaan ng mga mag-aaral kung ano ito habang inilalahad.

Bilang kahalili, maglaro ng memory game. Idikit ang mga card sa pisara. Isa-isa, lumiko sa kanila at ang mga mag- aaral ay nagsasabi ng salita. Kapag naibalik na ang lahat ng card, maaari naaalala nila kung aling card ang nasaan?

## C. Mga Laro sa Loob at Labas ng Silid-Aralan

**Red Light, Green Light, 1 2 3**

Layunin: Natututo ang mga bata ng mga kasanayan sa pakikinig at kumilos ng maliksi. Mga Gagamitin:
wala
Bilang ng kasali: Lahat ng bata
Pamamaraan:

1. Isang tao ang pipiliin upang maging traffic light at siya ay nakatayo ng malayo-layo mula sa iba pang mga manlalaro.
2. Nakatalikod ang "traffic light" sa lahat.
3. Ang ibang mga bata ay nakatayo sa isang linya na nakaharap sa taong itinuturing na ilaw ng trapiko.
4. Kapag sinabi ng taong traffic light ang salitang 'Green Light,' ang mga bata ay lalakad palapit hanggang sa umikot siya, at sabihing "Red Light', lahat ng bata ay kailangang tumigil.
5. Ang sinumang mahuling gumagalaw ay lalabas sa laro.
6. Ang huling taong natitira na hindi nahuli sa laro, ang mananalo!

**Bato, Bato Pik**

Layunin: Napapabuti ang kasanayan sa paggawa ng desisyon.
Nahahasa ang kasanayan sa pagsusuri habang sinusubukan mong hulaan ang galaw ng iyong kalaban at kontrahin siya. Ang paglalaro nito ay isang masayang paraan para mabawasan ang pagkabalisa at stress.
Bilang ng Kasali: Lahat ng Bata
Pamamaraan:
Para sa Guro: Siguraduhin na lahat ng bata ay alam ang laro. Maaaring mag-ensayo muna bago maglaro.

1. Isang klasikong laro ng dalawang tao. Magkaharap sila.
2. Sinisimulan ang laro na ilalagay ang kanang kamay sa likod mg katawan. Lahat ay bibigkas ng "bato, bato, pik!"
3. Sa "pik" ang bawat bata ay ilalabas ang kamay. Kung ang kamay ay nakakamao ito ay parang bato, kung nakabukas ang palad, ito ay sumusimbolo ng papel, o ang kanilang hintuturo at gitnang daliri ang naka labas ito ay para sa gunting. Dinudurog ng bato ang gunting, gunting na gupitin ang papel, at ang papel ay bumabalot sa bato.
4. Tapos ng pag ensayong laro, hatiin sa dalawang grupo ang mga bata.
5. Gumawa ng dalawang bilog. Ang isa ay nasa loob ng mas malaking bilog. Maghaharap ang mga batang magkatunggali. Magsisimula na ang laro.
6. Tatlong beses gagawin ang pagbigkas. Uupo lahat ng talo at ang maiiwan ay bubuo muli ng panibagong bilog at uulitin ang laro hanggang may manalo.

**See If You Can**


Layunin: Natututo ang mga bata ng pag-eehersisyo nang hindi namamalayan.
Natutunan ng mga bata ang pagkontrol sa katawan. Nakakatulong itong mapabuti ang kanilang pustura at flexibility.
Bilang ng kasali: Lahat ng bata

Pamamaraaan:

Bago maglaro: Lagyan ng guhit o marka na dalawang metro ang layo sa bawat isa.

Ipakita ang tamang paraan ng pagtalon tulad ng nasa larawan.

1. Hatiin ang mga bata sa limang pangkat. Ang unang pangkat ang tatalon hanggang makaabot sa kabilang linya. At susunod na ang iba.
2. Sa bilang ng tatlo (1,2,3) tatalon ang mga bata nang sabay hanggang sa pinakamalayo nilang maabot. Ulitin ang pag bilang at pagtalon.
3. Ang unang bata na makaabot sa kabilang linya ang lalaban sa mananalo sa ibang pangkat.
4. Papilahin ang mga nanalo sa bawat pangkat at ulitin ang laro hanggang may manalo sa laro.





**Sa Kanan O Kaliwa**

Layunin: Natututo ang mga bata na sumunod sa mga ipapagawa. Nakakapag ehersisyo ang bata ng hindi namamalayan.

Mga Gagamitin: Poster o listahan ng mga galaw ng katawan na gagawin ng mga bata. Bilang ng kasali: Lahat ng bata

Pamamaraan:

1. Pumili ng dalawang bata na maglalaro ng "bato, bato, pik". Kung manalo ang bata sa kanan ay gagawin ng lahat ang ehersisyo sa kanan. Kung Manalo ang bata sa kaliwa ay gagawin ang ehersisyo sa kaliwa



**D. Mga Kanta**

| | | |
|---|---|---|
| **Kaibigang Libro**<br><br>Ako ay kaibigan<br>Kaibigang Libro Laging<br>handang Magkuwento<br>sa inyo. Ingatan niyo<br>ako Alagaan niyo ako<br>Ako ay kaibigan<br>Kaibigang Libro.<br><br>Huwag tatapakan<br>Huwag uupuan Huwag<br>pupunitin Ang mga<br>pahina. (Ulitin ang<br>stanza 1) | **Munting Bituin**<br>(Twinkle, Twinkle Little Star)<br><br>Kay ningning munting bituin,<br>Liwanag sa gabing madilim. Kislap<br>ng kislap para kulisap, Nagtatago<br>sa likod ng ulap Kay ningning<br>munting bituin Liwanag sa gabing<br>madilim. | **Masaya Kung Sama-sama**<br><br>Masaya kung sama-sama (3x) Masaya<br>kung sama-sama<br>At may tawanan.<br><br>Kay lungkot ng buhay Kung wala kang<br>kaibigan Masaya kung sama-sama At may<br>tawanan. |
| **Kumusta, Kumusta**<br><br>Kumusta, kumusta, kumusta Kumusta<br>kayong lahat<br>Ako'y tuwang-tuwa Masaya't<br>nagagalak Tralalalala, Tralalala<br>(2x). | **Paalam na Sa'yo**<br><br>Paalam na sa'yo<br>Paalam na sa'yo<br>Bukas babalik Bukas<br>babalik (2x). | |